# Mga Katanungan sa Buwis ng Sasakyan
# (Gifu Prefecture Tax Division)

**＜Q1＞**

**Mayroong dumating na tax payment notice ng sasakyan, ang sasakyan na ito ay ibinigay ko na sa aking kaibigan (o kaya itinapon) ngunit isinagawa ko ang proseso ng pagpapalit ng pangalan ng may-ari. Hindi ba karapat-dapat lang na ang kaibigan ko ang magbayad sa buwis?**

**＜A1＞**

Ang buwis ng sasakyan ay tuwing Apri, 1, hanggang 12:00 midnight ng fiscal year , ang kasalukuyang nagmamay-ari (sa kaso na ang pagmamay-ari ay na-reserve o na-hold) ang magbabayad sa isang taon na buwis sa fiscal year ay ang gumamit ng sasakyan. Kapag nakatanggap ng tax payment notice sa kabila ng pagbitaw o pagtapon mo sa sasakyan noong nakaraan na taon (Hanggang March, 31) ay maaaring na-delay ang paglilipat ng pangalan ng nagmamay-ari, o kaya sa pagdala sa transportation branch office o kaya na-delay sa pag-cancel ng rehistrasyon ng itinapon na sasakyan.

**＜Q2＞**

**Sa kabila ng pagsasagawa ko ng proseso ng pagpapapalit ng address o tirahan sa aking alien registration card at sa aking driving license, bakit hindi dumarating ang tax payment notice dito sa bagong address. Bakit kaya?**

**＜A2＞**

Kahit na nagpapalit ka ng address sa Residence Card at sa driving lisence kung hindi mo pinapalitan ang address mo sa motor vehicle inspection certificate ay hindi nila ipapadala ang tax payment notice mo sa iyong bagong address, mangyaring magpunta sa transportation branch office na may sakop sa iyong lugar at mag-apply para sa pagpapabago ng iyong tirahan o address. Ngayon, kung matatagalan sa pagpapabago ng rehistrasyon ng iyong motor vehicle inspection certificate, mangyaring makipag-ugnay o tumawag sa Gifu Ken Motor Vehicle Tax Office
(TEL : 058-279-3781)

**＜Q3＞**

**Dahil sa kaliitan ng kinikita ay nahihirapan sa pang-araw-araw na kabuhayan kung kaya hindi ko kaya magbayad ng buwis ng sasakyan. Ano ang nararapat kong gawin?**

**＜A3＞**

Para sa mga nahihirapan sa pagbayad ng buwis ng sasakyan at sa pang-araw-araw na kabuhayan, ay mangyaring komunsulta sa pinakamalapit na Tax Office ng Prepektura o kaya sa Motor Vehicle Tax Office

**＜Q4＞**

**Ano ang maaaring mangyari kapag hindi nakapagbayad ng buwis ng sasakyan?**

**＜A4＞**

Para sa mga tao na hindi nagbabayad sa kabila ng pagpapadala ng mga reminding notice at letter of demand upang magbayad ng buwis ng sasakyan, ay isasagawa ang pag-iilit ng mga pag-aari.

**＜Q5＞**

**Wala bang magiging problema kung ang pagbabayad ng buwis ay sa panahon ng inspeksyon ng sasakyan?**

**＜A5＞**

Ang pagbabayad ng buwis ay hindi sa panahon ng inspeksyon ng sasakyan. Ang karaniwan na deadline ng pagbabayad ng buwis ay tuwing ika-31 ng Mayo. Kinakailangang magbayad bago dumating ang deadline. Kapag lumampas sa deadline ang pagbabayad, bukod sa halaga ng buwis na dapat bayaran ay kinakailangang bayaran kasama ang interest.  At mayroong posibilidad na mailit ang ang mga pag-aari bilang parusa sa hindi pagbabayad.

**＜Q6＞**

**Ano ang mangyayari sa buwis ng sasakyan na itinapon sa kalagitnaan ng kasalukuyang taon?**

**＜A6＞**

Mababawasan ang babayaran sa buwis sa kaso ng mga sasakyan na pina-kansela ang rehistrasyon sa kalagitnaan ng taon sa pamamagitan ng pagkalkula sa sumusunod na buwan, mula sa buwan na ipinakansela ang rehistrasyon, kapag binayaran ang buwis ng sasakyan ng fiscal year ay maaari itong i-refund.

Ngayon, para sa mga pinakansela ang rehistrasyon ( pinatapon) sa loob ng buwan ng April, ay ipapadala sa kalagitnaan ng buwan ng May ang tax payment slip (reduction notice), mangyaring bayaran bago dumating ang deadline na nakasaad sa tax payment slip.

**＜Q7＞**

**Bakit mayroong dumating na tax payment slip ng sasakyan na lumagpas na sa inspection date (syakengiri)?**

**＜A7＞**

Kinakailangan na magbayad ng buwis ng sasakyan kahit na ito ay hindi na ginagamit dahil sa paglampas sa inspection date (syakengiri), hangga't ito ay nakarehistro sa registration file ng transportation branch office.

Sa oras na hindi na maaaring magamit ang sasakyan ay kinakailangang isagawa kaagad ang proseso ng pagpapa-kansela sa rehistrasyon (pagpapatapon) ng sasakyan.

**＜Q8＞**
**Bakit tumaas ang halaga ng buwis ng sasakyan kaysa noong nakaraang taon?**

**＜A8＞**

Sa pamamagitan ng aplikasyon ng green tax system,ang buwis ng sasakyan mula sa pangkaraniwan na halaga ay tataas ng 15%, ang mga bagong rehistrado na bagong sasakyan na gamit ay gasolina na lumagpas na ng 13 taon (kasama ang mga LP gasoline car) at mga bagong sasakyan na bagong rehistrado na pang-diesel na lumagpas na ng 11 taon .

**＜Q9＞**
**Ninakaw ang aking sasakyan ngunit mayroong tax notice na dumating , Bakit?**

**＜A9＞**

Nagsumite ka ba ng report ng pagkawala o pagka-nakaw ng iyong sasakyan sa pulis na sumasakop sa iyong lugar.Maaaring mabawasan ang babayaran na buwis ng sasakyan kapag tinanggap ang report ng pagkawala o pagka-nakaw ng sasakyan. Pumunta sa tanggapan ng pulisya at tiyakin ang araw ng pagka-report ng pagkawala o pagka-nakaw ng sasakyan, acceptance number,inkan (name stamp) dalhin at komunsulta sa Motor Vehicle Tax

**＜Q10＞**
**Nais kong magbayad ng buwis ng sasakyan sa convinience store,maaari ba sa kahit saan convinience store?**

**＜A10＞**

Maaari mong bayaran ang iyong buwis sa anumang convenience store sa buong bansa na nakasaad sa likod ng Tax Notice. (7-Eleven, Lawson, Family Mart, Mini-stop, Daily Yamazaki, Yamazaki Special Partner Shop, Lawson)

**＜Q11＞**
**Gusto kong bayaran ang buwis ng sasakyan gamit ang credit card. Mangyaring ipaalam kung paano?**

**＜A11＞**

Mangyaring i-access ang lokal na site ng pagbabayad ng buwis sa ibaba (Japanese page), tingnan ang ``Daloy ng paggamit'' o ``Paano gamitin'' sa mga paksa sa site, tingnan ang paraan ng pagbabayad, at pagkatapos ay gawin ang pagbabayad.

https://www.payment.eltax.lta.go.jp

**<Q12>**

**Mangyaring ipaalam sa akin kung paano magbayad gamit ang smartphone payment app?**

**<A12>**

Mangyaring mag-upload ng isang katugmang app sa pagbabayad ng smartphone, i-scan ang eL-QR na naka-print sa tax payment notice (payment slip) gamit ang iyong camera, at gawin ang pagbabayad.

Matatagpuan ang mga compatible na app sa pagbabayad ng smartphone sa lokal na site ng pagbabayad ng buwis (Japanese page) sa ibaba.

https://www.payment.eltax.lta.go.jp/pbuser?id=payment_application

**<Q13>**

**Para sa mga mayroong kapansanan sa katawan , sa papaanong kaso maaaring makatanggap ng exemption sa buwis ng sasakyan?**

**<A13>**

Ang mga matutugunan sa exemption ng buwis ng sasakyan at buwis ng pagbili ng sasakyan ay ang mga taong mayroong libreta na magpapatunay na sila ay mayroong kapansanan.

Mangyaring komunsulta sa pinakamalapit Tax Office ng Prepektura o kaya sa Motor Vehicle Tax Office.

**<Q14>**

**Mangyaring ipaliwanag sa akin ang tungkol sa Light Motor Vehicle Tax.**

**<A14>**

Ang sumasakop sa bayaran ng buwis ng mga light motor vehicle tax ay ang munisipiyo.

Makipag-ugnayan sa taong in charge sa tax division sa munisipiyo ng iyong lugar na tinitirahan para sa mga taong mayroong light motor vehicle, two-wheeled motor vehicle, special small motor vehicle at motor bike.

**<Q15>**

**Mangyaring ituro sa akin kung saang Prefecture Tax Office sa loob ng Prefecture ako maaaring tumawag o makipag-ugnayan?**

**<A15>**

| Pangalan | Lugar | Telepono | Nasasakupang Distrito |
|---|---|---|---|
| Gifu Prefecture Tax Office | 〒500-8384<br>Gifu-shi Yabuta Minami 14-53<br>OKB Fureai Kaikan Bldg. 1, 7th Flr. | (058)214-6924 | Gifu-shi, Hashima-shi, Kakamigahara-shi, Yamagata-shi, Mizuho-shi, Motosu-shi, Ginan-cho, Kasamatsu-cho, Kitagata-cho, sa labas ng Prepektura ng Gifu |

| Pangalan | Lugar | Telepono | Nasasakupang Distrito |
|---|---|---|---|
| Seino Prefecture Tax Office | 〒503-0838<br>Ogaki Shi Ezaki Cho 422-3<br>Seino Sōgō Chōsha | (0584)73-1111 (ext.) | Ogaki-shi, Kaizu-shi, Yoro-cho, Tarui-cho, Sekigahara-cho, Godo-cho, Wanouchi-cho, Anpachi-cho, Ibigawa-cho, Ono-cho, Ikeda-cho |
| Chuno Prefecture Tax Office | 〒501-3756<br>Mino Shi Ikushi 1612-2<br>Chuno Sōgō Chōsha | (0575)33-4011 (ext.) | Seki-shi, Mino-shi, Minokamo-shi, Kani-shi, Gujo-shi, Sakahogi-cho, Tomika-cho, Kawabe-cho, Shichiso-cho, Yaotsu-cho, Shirakawa-cho, Higashi Shirakawa-mura, Mitake-cho |
| Tō nō Prefecture Tax Office | 〒507-8708<br>Tajimi-shi Ueno-cho 5-68-1<br>Tō nō Seibu Sōgō Chōsha | (0572)23-1111 (ext.) | Tajimi-shi, Nakatsugawa-shi, Mizunami-shi, Ena-shi, Toki-shi |
| Hida Prefecture Tax Office | 〒506-0055<br>Takayama-shi Kami Oka Hon-cho 7-468<br>Hida Sōgō Chōsha | (0577)33-1111 (ext.) | Takayama-shi, Hida-shi, Gero-shi, Shirakawa-mura |
| Hida Prefectural Tax Office Automobile Tax Branch Office | 〒506-0035<br>Takayama-shi Shingu-cho 830-7 | (0577)36-1400 (ext.) | Takayama-shi, Hida-shi, Gero-shi, Shirakawa-mura (automobile tax / car purchase tax at any time for taxation) |
| Motor Vehicle Tax Office | 〒501-6192<br>Gifu-shi Hikie 2648-3 | (058)279-3781 (ext.) | Automobile tax at automobile acquisition tax sa buong Prepektura (Hindi kasama ang paminsan-minsang pagbubuwis ng Takayama-shi, Hida-shi, Gero-shi at Shirakawa-mura.) |